# Balitang Manmin

BILANG 130 ABRIL 19, 2015


# “Hindi Ko Maikakaila ang Buhay na Diyos”

## Ang mga Makapangyarihang Pagkilos na Lumalampas sa Karunungan ng Tao, Bubuwagin ang Lahat ng mga Haka-haka




Nais ng Diyos ng Pag-ibig na maligtas ang lahat ng tao. Ipinapakita Niya na buhay Siya sa mga pagkilos ng Banal na Espiritu para tanggapin nila ang Panginoon. Lumalapit sa atin ang Diyos para magsulong tayo ng tunay na buhay-Cristiano at buwagin ang lahat ng haka-haka laban sa Kanya (mula kaliwa, Dr. Kwankyu Lee, Dr. Elvin Hwang, Dr. Gilbert Chae, at Propesor Yongwook Park).

Noong taong 2006, nag-alala si Dr. Kwankyu Lee tungkol sa kanyang ina na parang sobrang abala sa pinaniniwalaan nito at sa pagdalo sa iglesya. Minsan, dahil nababahala siya para dito, sinundan niya ito, hindi niya akalaing makikila niya ang buhay na Diyos dahil dito. Pinaghahandaan na niya ngayon ang pagiging isang pastor (litrato 2).

Nang sundan niya ang kanyang ina sa pagsamba sa Linggo ng umaga, nangangaral ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee tungkol sa Langit. Pinakinggan niya ang mensahe, hinanapan niya ng lohika ang tungkol sa lahat ng bagay na binanggit, parang gumagawa ng ‘thesis.’ Samantala, wala siyang nakitang mali sa mga sermon. Kamangha-mangha din na nabuwag nito ang mga sariling ideya at saloobin niya.

Isang pabilog na bahaghari na nakapalibot sa araw. Ikinuwento niya, “Nakakita ako ng ganitong klaseng bahaghari sa unang pagkakataon. Hindi maipaliwanag ang pangyayaring ito, napakadalas nitong mangyari sa iglesya lalo na kapag ipinagdiriwang ang anibersaryo. Bukod dito, libu-libong tao ang nakakita ng bahaghari, Natitiyak kong dahil ito sa kapangyarihan ng Diyos. Walang makakapagkaila nito.”

Pagkatapos, dumalo siya sa isang pagpupulong para sa muling pagpapasigla ng espiritu, gumaling siya mula sa ‘allergic rhinitis’ na matagal na niyang pinagdurusahan. Higit pa dito, nang dumalo silang mag-asawa sa iglesya, nabiyayaan sila ng anak na lalaki. Labintatlong taon na nilang hinihintay ito. Hindi nila maikakaila ang kapangyarihan ng Diyos.

“Mapanuring tao ako dati. Wala akong pakialam sa mga espirituwal na bagay. Inisip kong masagana ang buhay ko, kuntento na ako sa buhay ko. Hindi ko na kailangang malaman pa ang tungkol sa espirituwal na mga bagay. Gayon pa man, nasasabik na ako ngayon na matutuhan ang mga espirituwal na bagay. Nagbago ng lubos ang takbo ng pag-iisip ko. Dahil nakita ko sa iglesya ang mga ebidensya na buhay ang Diyos, naisip ko na mas mabuting baguhin ko ang mga saloobin ko.”

Sa kasalukuyan, patuloy ang pagdami ng kaalaman ng tao, may bahid ng pagpapahalaga sa tao nang higit kaysa sa Diyos ang mga kaalamang ito. Kaya, para matulungan silang tanggapin na may Diyos, dapat magkaroon ng pagpapakita ng kapangyarihan Niya na lumalampas sa kaalaman ng tao para mawasak ang lahat ng mga haka-haka. Kung mararanasan at makikita nila ito, kikilalanin nila ang Diyos.

Ipinapakita ng programa ng GCN na may titulong ‘Creation & Science’ (Paglikha at Siyensya), ang kalooban ng Diyos sa paglikha at ang katotohanan ng Biblia base sa sermon ni Dr. Jaerock Lee (www.gcntv.org). Tumutulong sa programang ito si Dr. Elvin Hwang, neurobiologist at Bise Presidente ng WCDN bilang tagapagbigay ng payo sa mga bagay na may kinalaman sa siyensya. Sinabi niya, “Hindi perpekto ang siyensya. Kahit tama ang isang ideya, pagkatapos ng ilang panahon, magiging mali na ito. Pero ang paliwanag ng Diyos ay hindi nagbabago, nagbibigay ito ng kasagutan sa mga tanong na hindi nasagot ng kahit na sino. Sa sandaling kilalanin ninyo ang Diyos, masasagot nang sabay-sabay ang napakarami ninyong katanungan” (litrato 1).

Pinagsasama-sama ng World Christian Doctors Network ang mga Cristianong doktor sa buong mundo at pinapatunayan nila ang mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng impormasyong tungkol sa medisina. Nawawalan ng pag-asa at nabibigo dati si Dr. Gilbert Chae, pangulo ng WCDN at direktor ng Yonsei Jeil Hospital, bago siya dumalo sa Manmin Central Church. Wala siyang magawa kapag nagkakaroon ng mga hindi inaasahang problema ang mga pasyente niya kahit ginawa na niyang lahat ng makakaya para gamutin sila.

Samanatala, noong taong 2000, dumalo siya sa dalawang-linggong magkasunod na espesyal na pulong para sa muling pagpapasigla na pinamunuan ni Dr. Jaerock Lee. Namangha siya sa nakita niyang mga miyembrong gumaling mula sa rayuma sa tuhod, sakita sa gulugod, apoplexy, at malabong paningin. Naging pagkakataon ito para sa kanya para muling pasiglahin ang buhay niya bilang isang Cristianong doktor (lirato 3).

Natanto niya na ang lahat ng karamdaman ay may espirituwal na dahilan. Sinabi niya, “Kapag nakikita ko ang mga pasyente kong maysakit na diabetes, alta presyon, apoplexy, at kanser, naaawa ako sa kanila. Umaasa ako na makarinig din sila tungkol sa ebanghelyo ng kabanalan, malaman ang dahilan ng kanilang mga karamdaman, a tumanggap ng pagpapagaling at kaligtasan. Madalas kong sabihin sa mga pasyente ko na kung gusto nilang lumaya mula sa mga karamdaman, magtiwala sila sa Diyos.”

Hinangad ni Dr. Yongwook Park, Propesor ng Ulsan College, ang pagpapala ng Diyos. Nang dalhin siya sa South Ulsan Manmin Church, nagsimula siyang magsulong ng bago at pinasiglang buhay bilang isang Cristiano (litrato 4).

Nasagot ng ‘The Message of the Cross.’ Spirit, Soul, and Body’, at ‘Lectures on Genesis’ ang lahat ng mga katanungan niya. Nakita din niyang gumaling ang maraming karamdaman tulad ng kanser at lukemya dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee.

“Kamangha-mangha ang patotoo ng Punong Diakonesa Eundeuk Kim. Matindi ang pagkakasunog niya pero gumaling siya dahil sa panalangin ni Dr. Lee! Hindi ba’t kamangha-mangha ito, wala kang maidadahilan kundi tanggapin na may buhay na Diyos?”

Sinabi niya na nalulungkot siya dahil hindi batid ng karamihan kung sino talaga sila at kung ano ang dahilan ng buhay nila. Sinabi pa niya na dapat nating malaman ang layunin ng buhay natin.

Hindi makakamit ng tao ang espirituwal na pananampalataya kung kailan nila gusto. Ibinibigay ito ng Diyos sa sinumang magbukas ng kanyang puso, tumanggap sa Panginoon, at bumuwag ng lahat ng haka-haka at sariling kaalaman. Bukod dito, makakaranas sila ng paggaling ng espiritu at katawan sa tulong ng Banal na Espiritu, makakaranas sila ng tunay na kapahingahan.

# “Ginawa Kita Bilang Diyos kay Faraon…”

“Sinabi ng PANGINOON kay Moises, ‘Tingnan mo, ginawa kita bilang Diyos kay Faraon, at si Aaron na iyong kapatid ay magiging iyong propeta… Gayon ang ginawa ni Moises at ni Aaron; kung ano ang iniutos ng PANGINOON sa kanila ay gayon ang ginawa nila.” (Exodo 7:1, 6)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Tinawag ng Diyos si Moises at ipinadala ito kay Faraon para palayain ang mga Israelita. Gayon pa man, parang imposible silang mailabas mula sa Ehipto.

Malaki ang pakinabang ng mga Ehipcio sa mga Israelita. Imposibleng palayain sila ng Faraon dahil sa kahilingan ni Moises. Pero sinamahan siya ng Diyos. Ang Diyos mismo ang magpapatunay sa mga sasabihin ni Moises at nangako Siya na ipapakita ang kapangyarihan Niya. Dahil umasa si Moises sa pangako ng Diyos, nakagawa siya ng maraming makapangyarihang pagkilos sa Ehipto.

## 1. Ipinakita ni Moises bilang Pinuno ng mga Israelita ang Kapangyarihan ng Diyos sa Pamamagitan ng Sampung Salot

Dumating sa Ehipto si Moises at tinawag ang lahat ng matatanda ng Israel. Sinabi niya na narinig ng Diyos ang lahat ng kanilang pagsusumamo kaya ipinadala siya para iligtas sila sa kahirapan. Bilang patunay, nagpakita si Moises ng mga tanda.

Napuno ng kagalakan at pag-asa na makaalis mula sa Ehipto patungo sa bagong lugar ang mga Israelita dahil sa mga salitang narinig nila mula kay Moises at sa mga nakita nilang mga tanda. Gayon pa man, hindi ito naging madali. Matapang na hinarap ni Moises at ni Aaron ang Faraon. Inihatid nila ang mensahe ng Diyos at hiniling nila dito na palayain ang mga Israelita mula sa Ehipto. Pero sa halip na palayain, dinagdagan pa ng Faraon ang trabaho at mas naging malupit sa kanila. Akala nila, palalayain sila kaagad ng Faraon pero mas pinahirapan pala sila, Nagsimula silang magreklamo kina Moises at Aaron.

Hindi sila sinisi ng Diyos dahil batid Niya ang antas ng pananampalataya nila. Nagsimula siyang magpakita ng kapangyarihan sa pamamagitan ni Moises. Ito ay ang ‘Sampung Salot.’

Nagsimula ang salot sa maliliit na mga bagay, pero dahil hindi nagsisi ang Faraon kahit nagkaroon ng sunod-sunod na kalamidad, sa bandang huli, nangamatay ang mga panganay sa Ehipto.

Ang una ay ang salot ng dugo. Sinabi ni Moises kay Aaron na hampasin ng tungkod ang ilog Nilo. Pagkatapos, naging dugo ang lahat ng katubigan sa Ehipto. May mabahong amoy ang dugo at ang mga patay na isda sa lahat ng lugar. Nagmadaling naghukay ng mga balon ang mga Ehipcio dahil hindi na nila pwedeng inumin o gamitin ang tubig sa ilog. Ginawa ring dugo ng mga salamangkero ng Ehipto ang tubig, nagmatigas si Faraon, hindi siya nakinig kay Moises. Dumating ang pangalawang salot.

Lumabas ang napakaraming palaka mul sa ilog Nilo, pinuno nito ang buong bansa. Hindi lang ito nasa mga kalye, nasa loob din ito ng mga bahay. Pati ang mga mangkok ay umapaw sa palaka. Agad pinatawag ng Faraon si Moises, nangako siya na palalayain ang mga Israelita kung tatanggalin nito ang mga palaka. Pero nang matanggal ang mga palaka, nagbago ang isip niya.

Bilang pangatlong salot, sinabi ni Moises kay Aaron na itaas ang tungkod nito at hampasin ang lupa. Naging kuto ang alikabok ng lupa. Kumabit ang napakaraming kuto sa mga tao at bakahan. Hindi magaya ng mga salamangkero ng Ehipto ang salot ng kuto ni ang mga sumunod pang mga salot. Hindi nila kayang buhayin at gawing kuto ang walang buhay na alikabok. Ang ganitong klaseng kapangyarihan ay tanging sa Diyos na Manlilikha lang.

Pinatotohanan ng mga salamangkero ng Ehipto na ito ay kapangyarihan ng Diyos, pero nagmatigas pa rin ang Faraon. Naganap ang salot ng mga langaw. Hindi lang mga bahay ng mga mamamayan ang napuno ng langaw, pati na ang bahay ng mga lingkod ng Faraon, at ang buong palasyo niya. Hiniling muli ng Faraon kay Moises na tanggalin ang mga langaw, at nangako siyang palalayain ang mga Israelita. Pero nang matanggal ang mga langaw, hindi niya tinupad ang ipinangako niya.

Dumating ang salot ng pagkakapeste ng mga baka at salot ng pigsa sa Ehipto. Hindi lang ang mga mamamayan ang nagdusa dito pati na ang mga alagang hayop.

Umulan ng salot ng mabibigat na yelo na may kasamang apoy mula sa langit. Hindi lang nasira ang mga pananim sa buong Ehipto, marami ring namatay na mga hayop at mamamayan. Ang mga natitirang pananim mula sa salot ng mabibigat na yelo ay naubos dahil sa sumunod na salot ng mga balang.

Sa tuwing may salot, nangako ang Faraon na palalayain ang mga Israelita, pero kapag nawawala ang salot, nagbabago ang isip niya. Iniunat ni Moises ang mga kamay niya sa langit, dumating ang salot ng kadiliman sa Ehipto. Ni walang makikitang liwanag. Tatlong araw na walang liwanag mula sa araw o buwan.

## 2. Espirituwal na Kahulugan ng ‘Sampung Salot’

Anong kaugnayan sa atin ngayon ng mga insidenteng ito na niloob ng Diyos na maisulat ng detalyado sa Biblia? Ito ay para matanto na ang kapangyarihan ng Diyos ay naipakita sa buong Ehipto sa pamamagitan ni Moises. Pero ang mas mahalagang dahilan ay ang espirituwal na kahulugan na nakapaloob sa mga ito. Ito ay para may matutuhan tayo.

Ginamit ng Diyos ang pangyayaring ito dahil gusto Niyang ipakita sa atin kung bakit nakakaranas ng mga kalamidad ang mga tao at kung paano maiiwasan ang mga ito. Sa espirituwal na diwa, sinisimbulo ng Ehipto ang mundong puno ng kasalanan at kasamaan (Pahayag 11:8). Sinisimbulo ng Sampung Salot na dumating sa Ehipto ang lahat ng klaseng kalamidad na pwedeng mangyari sa buhay natin ngayon.

Nagdusa sa kawalan ng tubig na maiinom dahil sa salot ng dugo. Ang tubig ay isa sa mga pangangailangan sa buhay ng tao. Sa espirituwal na diwa, ito ang mga problemang hinaharap natin ngayon sa ating kapaligiran, tulad ng sa tahanan o sa trabaho natin. Halimbawa, mga mananampalataya na kulang sa talino sa pagsusulong ng buhay nila bilang mananampalataya, inuusig sila ng mga taong malapit sa kanila sa trabaho o sa tahanan.

Ang salot ng mga palaka ay sumisimbulo ng mga gawa ni Satanas sa mga tahanan at trabaho natin. Nagkakaroon ng awayan ang mag-asawa at mga problema sa trabaho o negosyo. Ang salot ng kuto ay sumisimbulo sa mga situwasyon na nagsisimula sa maliliit na bagay at nagiging malalaking problema. Ngadadala ito ng pasakit at pagdurusa. Isang halimbawa ay maliliit na problema na naiipon sa pagitan magkakapatid, o mag-asawa, pagkatapos nagiging isang malaking awayan. Ipinakita dito na kung magsisisi tayo at manunumbalik hanggang sa salot ng mga kuto, makakabawi tayo.

Pero magmula sa salot ng mga langaw, mayroon ng pader ng kasalanan na naitayo laban sa Diyos. Dapat tayong magsisi ng lubusan. Dumarami ang mga langaw sa maruruming lugar, nagkakaroon ng mga sakit saan man sila nagpaparami. Sa espirituwal na diwa, ipinapakita ng salot ng mga langaw ang isang situwastong pagsasalita ng mga tao ng masasamang bagay na nagmumula sa kanilang masasamang puso, kumakalat kung saan-saan ang mga salitang ito. Nagiging patibong ito sa kanila, nagkakaroon sila ng mga problema at karamdaman dahil sa mga ito.

Nagiging dahilan ng mga malalang karamdaman sa katawan ang salot ng peste. Mas malala kaysa dito ang salot ng mga pigsa, nakikita sa katawan ang mga karamdamang dinadala nito. Ang salot ng mabibigat na yelong ulan ay ang mga hindi inaasahang aksidente o pangyayari na nagiging dahilan ng pagkasira ng kayamanan at mga pag-aari ng isang tao. Dahilan ng matinding problema ang salot ng balang, tulad ng pagkalugi ng negosyo. Mas malala pa ang salot ng kadiliman na sanhi ng kawalan ng pag-asa sa lahat ng aspeto ng buhay ng isang tao. Kung hindi siya magsisi, darating ang huling salot, mamamatay ang mga panganay. Kayo ang mamamatay o mamamatay ang isang taong malapit sa inyo.

Habang magkakasunod na dumarating ang Sampung Salot, nagiging mas malala at matindi ito. Kung may kaunting karunungan ang isang tao, kapag may dumating sa buhay niyang isang ‘salot’, magnilay niya, suriin niya ang sarili, magsisi, at kumilos ng tama sa harapan ng Diyos.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, nang dumating sa Ehipto ang Sampung Salot, walang ni isang dumating sa Gosen kung saan nanatili ang mga Israelita (Exodo 8:22-23). Habang natatakpan ng langaw ang buong Ehipto, ni isa wala sa Gosen! Hindi sila naapektuhan ng peste, pigsa, mabigat na yelong ulan, at mga balang.

Ngayon, ang mga mananampalatayang nabubuhay ayon sa Salita ng Diyos ay nakakaranas ng kapangyarihan ng Diyos na nag-alaga sa Gosen. Hindi sila tinatablan ng mga epidemyang nararanasan ng bansa. Kahit magkasakit sila, kung magsisisi sila at ipapanalangin, gagaling sila kaagad. Maraming mananampalataya ang nakakaranas ng kapangyarihan ng Diyos.

Patuloy na ipapakita ang hindi mabilang na makapangyarihang pagkilos ayon sa Biblia. Kaya nakikiusap ako sa inyo na magtiwala kayo sa Diyos na Manlilikha na pinakamakapangyarihan, sundin ninyo ang mga salita Niya. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na nawa ay tuparin ninyo ng lubos ang kalooban Niya sa panahong ito na malapit ng magwakas.

### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)

“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: E-mail: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin




# "Masaya Ako Dahil Nabalitaan Ko ang Tungkol sa Manmin Central Church, Dumadalo na Ako Doon"

May parokya para sa mga Tsino at iba pang mga dayuhan ang Manmin Central Church dito sa South Korea. Kabilang dito ang sinimulan muling grupo ng mga taga-Vietnam. Basahin natin ang mga patotoo ng mga miyembro nito.




## "Lubos na Nagbago ang Buhay Ko Bilang Isang Cristiano"

**Diakonesa Lieu**, Lider ng Cell



Noong Hunyo 2006, nagparehistro ako sa Manmin Central Church, sinunod ko ang asawa kong Koreano. Hindi pa ako bihasa sa pagsasalita ng Koreano noong panahong iyon. Hindi ko gaanong naintindihan ang mensahe sa pagsamba. Hindi ako nagsisimba noon kaya bago sa paningin ko ang lahat ng bagay. Samantala, nadama ko ang pag-ibig ng Diyos.

Noong tatlong taong gulang pa lang ang anak kong lalaki nahulog siya sa kotseng minamaneho ng asawa ko. Hindi naisarang mabuti ang pintuan ng kotse kaya bumukas ito. Mas malala pa, nasagasaan siya ng bus. Nakakakilabot na aksidente ito pero, walang nangyaring masama sa anak ko. Ni hindi siya nasaktan, hallelujah!

Lubos na binago ng pangyayaring ito ang buhay ko bilang isang Cristiano. Pinanatili kong banal ang Araw ng Panginoon, at nagbigay ako ng tamang ikapu. Sinikap kong isabuhay ang Salita ng Diyos at tinulungan ko ang mga miyembrong taga-Vietnam na maintindihan ang mga sermon.

Mula Hunyo 2014, naglingkod ako bilang lider ng cell sa parokya para sa mga dayuhan. Isinalin ko ang mga mensahe sa pagsamba sa wika ng Vietnam. Binisita namin ng pastor ng parokya ang ibang miyembro, ako ang tagasalin niya. Pinapangarap kong matuto ng wikang Koreano. Nakakamangha! Nagpatotoo ako tungkol sa pag-ibig ng Diyos sa mga miyembro ng cell. Nadagdagan ang mga miyembro. Dahil dito, noong Pebrero 2015, nagawaran ako ng Award of Merit bilang lider ng cell sa iglesya.

## "Gustong Dumalo sa Pagsamba ng mga taga-Vietnam"

**Kapatid Retirien**



Noong taong 2012, nakapag-asawa ako ng isang Koreano. Ikinuwento niya sa akin ang tungkol sa Manmin Central Church. Dumalo ako sa pagsamba sa internet, salin sa wikang Tsino ang pinapakinggan ko dahil walang salin sa wikang Vietnamese. Naiintindihan ko ang mensahe dahil natuto akong magsalita ng wikang Tsino habang tumutulong ako sa tatay kong may pag-aaring barko.

Binasa ko rin ang mga libro ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa wikang Vietnamese tulad ng *Heaven*, *Hell*, *Ang Mensahe ng Krus*, *The Measure of Faith*, *Awaken Israel*, at *Buhay Ko, Pananalig Ko*. Malaking pagpapala ang tinanggap ko sa mga ito.

Sa Vietnam, masigasig ang pangangaral ng asawa ko ng ebanghelyo, at ibinahagi ko rin ito sa pamilya at mga kamag-anak at kapit-bahay ko. Sa bandang huli, nakapagsimula kami ng pampamilyang iglesya, sumamba kaming magkakasama. Nagsimula kaming dumami, nahati ang grupo sa dalawa: ang isa ay binubuo ng tatlumpung tao at ang isa naman ay mayroong labinlimang miyembro. Binigyan ko sila ng mga libro ng Punong Pastor, nagustuhan nila ang mga ito.

Noong Hunyo 2013, lumipat kaming mag-asawa sa South Korea, ang mga magulang ko ang nagpatuloy sa pag-aalaga ng mga miyembro ng grupo namin sa Vietnam. Umaasa ako na magkaroon ng pagsamba sa wikang Vietnamese para mas maraming kaluluwa ang makadalo sa magandang pagsamba ng Manmin.

## "Bumuti ang Kalagayan ng Anak Kong may 'Autism', Nabawasan ang Pag-aalala Ko"

**Kapatid Wentibichjang**



Mayroon akong anak na lalaki na 'autistic', hindi niya kayang alagaan ang sarili niya kaya palagi ko siyang binabantayan. Palagi akong nag-aalala sa kanya. Hindi maayos ang pagsasalita niya, ni hindi siya makapag-isa sa banyo. Kulang siya sa talino at mahina ang katawan niya.

Noong Hulyo 2014, dinala ako sa Manmin Central Church ng lider ng cell na si Lieu. Binasa ko ang mga libro ni Dr. Jaerock Lee sa wikang Vietnamese. Habang binabasa ko ang mga ito, nagkaroon ako ng pag-asa na bubuti ang kalagayan ng anak ko.

Magmula noon, nagkaroon siya ng malaking pagbabago. Nakakapunta na siyang mag-isa sa banyo, naiintindihan na niya ang mga sinasabi sa kanya at nasasagot niya ito ng maayos. Dati, hindi siya pumipirmi sa isang lugar, hindi niya kayang tumuon. Ngayon nauupo na siya sa isang lugar ng nag-iisa.

Nawalang lahat ng mga bagay na bumabagabag sa kalooban ko. Hallelujah!

## "Gumaling ang Karamdaman Ko, Sumiglang Muli ang Buhay Ko Bilang Isang Cristiano"

**Kapatid Hwangtishien**



Dumalo ako sa isang iglesya sa Vietnam, palagi akong natutulog sa mga pagsamba. Noong Abril 2014, binisita naming mag-asawa ang anak naming babae na naninirahan sa South Korea. Sampung buwan kaming nanatili doon. Habang nandoon, dumalo ako sa Manmin Central Church, malaking pagbabago ang nangyari sa akin.

Halimbawa, noong Agosto 2014, sumama ako sa retreat sa tag-init ng Manmin. Nakita ko doon na maraming taong gumaling mula sa mga karamdaman dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Nadama ko ang buhay na Diyos.

Bukod dito, gumaling ang rhinitis ko na dalawampu't pitong taon ko nang pinagdurusahan. Kamakailan lang, huminto sa paglalasing at paninigarilyo ang asawa ko, hindi niya magawa ito noon. Ngayong nakabalik na ako sa Vietnam, idinadalangin ko na magkaroon ng sangay na iglesya ang Manmin dito. Inaasahan ko ito.

**Kapangyarihan ng Diyos**

## "Malapit na Akong Mamatay, pero Binigyan Ako ng Diyos ng Bagong Buhay"

Walang malay si Kapatid Hwapyeong Choi, 27 taong gulang, dahil sa pulmonya na nagsimula sa bakteryang nagdadala ng sakit sa baga. Apektado ang magkabilang baga niya. Hindi tiyak kung siya ay mabubuhay o mamamatay. Pero pagkatapos tanggapin ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee na lumalampas sa lugar at panahon, nagkamalay siya. Gumaling ang mga baga niya, hindi nagtagal, pinauwi siya mula sa ospital. Napakabilis ng paggaling niya, hindi ito maipaliwanag ng mga doktor.



Bago ipanalangin_ Tinutulungan ng isang respirator ang paghinga niya, may impeksyon at pulmonya ang dalawang baga niya



Pagkatapos ipanalangin_ May malalabong bahagi ang baga niya dati dahil sa bakterya, wala na ito ngayon



Kapatid Hwapyeong Choi, kasama ang mga magulang niya

## "Maraming Salamat! Pinagaling ng Diyos ang Kapansanan sa mga Mata at Nalutas ang Problema sa Pagpapadala ng Pera!"

**Diakonesa Ponsi Seri**, 53 taong gulang, Chiang Rai Manmin Church, Thailand



Diakonesa Ponsi Seri, kasama ang apo niyang babae na gumaling sa pagkaduling, at ang kanyang anak na panganay

Sa nakalipas na apat na taon, dumadalo ako sa isang iglesya sa Bangkok, Thailand. Sa tingin ko, hindi maayos ang pagsulong ko ng buhay bilang isang Cristiano. Madalas akong magreklamo at nag-aalala ako sa lahat ng bagay.

Noong Pebrero 2011, isinama ako sa isang pulong na may panyong nakakapagpagaling sa Chiang Rai Manmin Church. Lubos na napagaling ang katarata na limang taon kong pinagdusahan sa pulong na ito.

Bumisita si Pastor Sungchil Lee ng Manmin Central Church sa Seoul, Korea sa iglesya ko noon, ipinanalangin niya ako gamit ang panyong makapangyarihan na dinalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Malamig ang pakiramdam ng mga mata ko, at nanginig ang buong katawan ko. Ganap ang paggaling ko.

Pagkatapos, nagparehistro ako sa Chiang Rai Manmin Church, nagbago ang buhay ko sa lahat ng aspeto. Pinanood at pinakinggan ko ang mga sermon ng Punong Pastor Dr. Lee sa GCN (www.gcntv.org) at sinikap kong sundin ang mga sinasabi niya. Habang ginagawa ko ito, nagbago ang kalooban ko, napuno ako ng kagalakan at pagpapasalamat.

Binasa ko rin ang mga libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus*, *The Measure of Faith*, *Buhay Ko, Pananalig Ko*, at *Heaven*. Pinuno nito ang puso ko ng pag-asa para sa Langit.

Noong taong 2012, nagalak ang dalawang anak kong babae dahil gumaling ako at naging masaya ang buhay ko, tumanggap din sila sa Panginoon. Kasama kong dumadalo sa Chang Rai Manmin Church ang panganay. Naranasan din niya ang kapangyarihan ng Diyos. Malala ang pagkaduling ng mga mata ng tatlong taong gulang na apo ko. Idinalangin siya ni Pastor Jaewon Lee ng iglesya gamit ang panyo na makapangyarihan. Gumaling ang mga mata niya!

Noong Nobyembre 2014, may mas nakakamanghang pangyayari. Nagtatrabaho sa South Korea ang anak kong lalaki. Nagpadala siya ng malaking halaga ng pera sa 'wire transfer', pero nagkaroon ng pandaraya. Pero nanalangin ako at nagpasalamat, inisip ko ang mga talata sa Biblia, sinasabi ng 1 Mga Taga-Tesalonica 5:16-18, "Magalak kayong lagi. Manalangin kayong walang patid. Sa lahat ng bagay ay magpasalamat kayo…" Nanalangin ako sa Diyos, nagpasalamat.

Malaking halaga ito ng pera, pero mayroong mas mahalaga para sa akin. Umasa ako na dahil sa pangyayaring ito, magsisi ang anak ko at manumbalik sa Panginoon. Magsisi rin sana ang mandaraya. Tinanggap ko ng may pananampalataya ang panalangin ni Dr. Lee sa bawat pagsamba.

Pagkatapos, kumilos ang Diyos para sa akin; makalipas ang isang buwan pagkatapos ng pandaraya, natanggap ko ng walang bawas ang pera! Hallelujah! Kumilos ang Diyos sa puso ng taong mandaraya.

Puno ng kasiyahan ang isang Cristianong miyembro ng Manmin. Malinaw ang pagtuturo ng Punong Pastor tungkol sa kalooban ng Diyos para makasunod tayo sa Salita Niya at maranasan natin ang mga pagpapala Niya.

Dahil gusto kong magkaroon ng maraming kaalaman tungkol sa Salita ng Diyos, pinakinggan ko sa CD ang mga sermon tulad ng "The Message of the Cross", at "Spirit, Soul, and Body."

Bukod dito, sumama ako sa mga pag-aaral tungkol sa Pahayag at Levitico, bahagi ito ng mga kursong itinuturo sa MIS (Manmin International Seminary). Tatlong beses sa isang linggo ginagawa ang pagtuturo ni Pastor Jaewon Lee. Ibinibigay ko ang lahat ng pagpapasalamat at luwalhati sa Diyos na nagbibigay sa akin ng pinagpalang buhay sa pamamagitan ng mahalagang Salita ng buhay.

## "Nakapasok Ako sa Isang Kumpanya Bilang Pinakabatang Empleyado Dahil sa Pag-ibig ng Diyos"



**Kapatid Yucheong Choi**, 22 taong gulang, Misyon para sa Kabataan, South Korea

Magmula noong bata ako, sumasama ako sa mga magulang ko sa pagsisimba, nananalangin. Pero nakagawian ko lang ito. Gayon pa man, tinanggap ko ang kasagutan sa mga dalangin ko at naranasan ko ang pag-ibig ng Diyos.

Noong taong 2014, nag-aral ako para magkaroon ng CS Leaders Certificate, may kinalaman ito sa pagharap sa mga parokyano o kliyente. Kinikilala at beripikado ito sa buong bansa. Hindi ko naipasa ang pagsusulit ng tatlong beses. Pagkatapos ng pangatlong pagsususlit kung saan isang punto lang ang maling sagot ko, dumalo ako sa pulong-panalanging Daniel. Hindi ako nanalangin, naupo lang ako doon.

Hindi nagtagal, nagsalita ako, nanalangin ako sa Diyos na nawa ay maipasa ko na ang pagsusulit. Nagsisi ako, may pusong naghahangad. Pinagsisihan ko na hindi ako umasa sa Diyos, ginamit ko ang sariling lakas ko. Pinagsisihan ko ang kayabangan ko. Pagkatapos ng gabing iyon, nagbago ang pananalangin ko. Pagkalipas ng dalawang buwan, nakakuha ako ng magandang marka sa pagsusulit. Sa wakas, tinanggap ko rin ang sertipikasyon.

Dahil sa pangyayaring ito, mas umasa ako sa Diyos, nanalangin ako sa Kanya. Mabilis kong naipasa ang HSK level 5 na pagsusulit, tumaas din ang mga marka ko. Nasasabik akong manalangin at natatanto ko ang pag-ibig ng Diyos. Kahit pagod ako, dumadalo ako sa pulong-panalanging Daniel tuwing gabi. At mula noong bakasyon, idinalangin at pinaghandaan ko ang paghahanap ng trabaho.

Noong Nobyembre 2, 2014, tinawagan ako ng isang propesor ko. Sinabi niyang naglabas ng anunsyo ang Hotel Shilla, naghahanap sila ng empleyado, pwedeng mag-aplay hanggang sa susunod na araw. Sinabi niyang subukan kong pumasok dito. Sinabi din niya na hindi madaling mag-aplay dito pero makakabuti ito sa akin para mas matuto ako. Noong gabing iyon, nag-aplay ako sa internet, at pagkalipas ng ilang araw, nabalitaan kong nakapasa ako sa unang pagsusulit. Dapat ko pang maipasa ang SSAT (Samsung Aptitude Test) sa susunod na araw.

Hindi ako nagkaroon ng oras para paghandaan ang pagsusulit, pero madali lang ito dahil napag-aralan ko sa high school ang mga tanong, may 'multiple choice' pa. Dahil sa pagpapala ng Diyos, naipasa ko din ito.

Dumaan ako sa dalawang panayam, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee na naka-record sa Automated Response System at uminom ako ng Muan Sweet Water. Hindi ako ninerbiyos sa mga panayam na ito. Naipasa ko ang lahat ng pagsusulit. Ipinaulit ng kumpanya ang pinakahuling pagsusulit sa akin, ang pisikal medical eksam.

Hindi ko inasahan ito, pero idinalangin ko ito sa pulong-panalanging Daniel. Natanto ko na nangyari ito dahil sa dakilang pagmamahal para sa akin ng Diyos. Kung naipasa ko agad ang pisikal medical eksam sa unang pagkakataon, natanggap na ako sa kumpanya noong Disyembre 16. Mahihirapan ako sa panghuling pagsusulit sa kolehiyo kung nagtatrabaho na ako. Baka hindi naging mataas ang marka ko sa mga pagsusulit.

Salamat sa mungkahing muling magpasuri. Noong Disyembre 22, nagsimula akong magtrabaho. Marami akong oras para paghandaan ang panghuling pagsusulit sa kolehiyo. Nakakuha ako ng A+ sa lahat ng kurso at perpektong marka na 4.5. Pagkatapos ng panghuling medical eksam, natanggap ako sa Department of Duty-free Distribution Business of Hotel Shilla bilang pinakabatang empleyado sa kasaysayan ng kumpanya. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay ibinibigay ko sa Diyos. Hallelujah!

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714